**Paghalal sa Konseho ng Lungsod**

Sa Martes, Nobyembre 6, 2018, ang Lungsod ay magdaraos ng pangkalahatang munisipal na halalan upang punan ang dalawang katungkulan sa Konseho ng Lungsod ng Walnut. Ang panahon ng nominasyon para sa halalang ito ay nagbukas noong Lunes, Hulyo 16 at magsasara sa Biyernes, Agosto 10 ng tanghali. Kung ang kasalukuyang nanunungkulan ay hindi nag-file ng mga papel ng nominasyon sa petsa ng pagsasara, ang panahong ito ay paaabutin ng hanggang Miyerkules, Agosto 15, 2018.

Ang mga indibidwal na interesado sa pagtakbo para sa katungkulan ay dapat na makipag-ugnay sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod ng Walnut sa pamamagitan ng pagtawag sa 909-348-0710 upang mag-iskedyul ng appointment upang dalhin ang mga papel ng nominasyon at tumanggap ng handbook ng mga kandidato. Ang Tanggapan ng Klerk ng Lungsod ay bukas mula 7:00 am hanggang 6:00 pm Lunes hanggang Huwebes, sarado tuwing Biyernes maliban sa Agosto 10, 2018. Makakakuha ng appointment simula Hulyo 16 at aabutin ng tinatayang 30 minuto. Mayroong $25 na singil sa pagpoproseso para sa mga papel ng nominasyon at iba pang mga materyales na may kaugnayan sa halalan.

Upang maging kuwalipikado na maging isang kandidato para sa isa sa mga katungkulan sa Konseho ng Lungsod, ang isang indibidwal ay dapat na maging mamamayan ng Estados Unidos na may edad na hindi bababa sa 18 taon at residente at nakarehistrong botante sa Lungsod ng Walnut.

Kung kayo ay mayroong mga katanungan mangyaring makipag-ugnay sa tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa 909-348-0710.